**SMG SERVICES**

**MGA TUNTUNIN NG SERBISYO**

**Petsa ng Pagkakaroon ng Bisa:** Marso 2018

Ang Mga Tuntunin ng Serbisyong ito ("**Mga Tuntunin**") ay inilalarawan ang mga tuntunin at kundisyon kung saan ang Service Management Group, LLC at ang mga kaanib nito ("**SMG**" o "kami" o "namin") ay naghahandog sa iyo ng access sa mga website, serbisyo at aplikasyon, kasama ang mga mobile na aplikasyon, sa o kung saan nauugnay o binabanggit ang mga Tuntuning ito (kapag pinagsama ay, "**SMG Services**").

Bago i-access at gamitin ang SMG Services, basahing mabuti ang Mga Tuntuning ito; bumubuo ito ng legal na kasunduan sa pagitan mo at ng SMG.

SA PAGGAMIT NG ANUMANG SMG SERVICES, SUMASANG-AYON KA SA MGA TUNTUNING ITO AT TINITIYAK NA KAYA MO AT LEGAL NA MAY KAKAYAHAN KANG GAWIN ITO. KUNG IKAW AY GUMAGAMIT NG SMG SERVICES SA NGALAN NG IYONG AMO, ANG IYONG PAGTANGGAP NG MGA TUNTUNIN NA ITO AY ITINUTURING NA ISANG KASUNDUAN SA PAGITAN NG IYONG AMO AT NG SMG, AT KINAKATAWAN AT GINAGARANTIYA MO NA MAY AWTORIDAD KANG IPAILALIM ANG IYONG AMO SA MGA TUNTUNIN NA ITO.

MAHALAGANG PAUNAWA: Ang mga Tuntunin na ito ay naglalaman ng mga probisyon na naglilimita sa aming pananagutan sa iyo at inaatas sa iyo na lutasin mo ang anumang hindi pagkakaunawaan sa amin sa pamamagitan ng pinal at arbitrasyon na pagpapasiyahan ng tagapamagitan bilang indibiduwal at hindi bahagi ng anumang paghahabla ng grupo o kinatawan. Tingnan ang "PAGKAKAROON NG BISA NG KONTRATA, PAGTATATUWA SA MGA GARANTIYA AT MGA LIMITASYON NG PANANAGUTAN" (Seksiyon 7) at "PAGLULUTAS NG HINDI PAGKAKAUNAWAAN" (Seksiyon 9) SA IBABA PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON.

**KUNG HINDI KA SUMASANG-AYON SA LAHAT NG TUNTUNING NAKASAAD SA MGA TUNTUNIN NG SERBISYONG ITO, HINDI MO MAAARING GAMITIN ANG SMG SERVICES.**

## 1. MGA PAGBABAGO SA MGA TUNTUNIN

Ang Petsa ng Pagkakaroon ng Bisa ng Mga Tuntuning ito ay nakasaad sa itaas ng webpage na ito. Habang nagdaragdag kami ng mga bagong tampok, maaari naming baguhin ang Mga Tuntuning ito. Maaaring baguhin ng SMG ang Mga Tuntuning ito anumang oras sa pamamagitan ng pag-update ng Mga Tuntunin. Ipapasailalim ka sa anumang nasabing pagbabago; kaya, dapat mong puntahan ang pahinang ito pana-panahon para basahin ang Mga Tuntuning ito. Ang patuloy mong paggamit ng SMG Services pagkatapos maipaskil ang anumang binagong Tuntunin ay katumbas ng pagtanggap mo sa mga binagong Tuntunin. Nananaig ang mga binagong Tuntunin sa lahat ng nakaraang bersyon ng mga kasunduan, abiso o pahayag tungkol sa Mga Tuntunin,

pero hindi ilalapat sa nakaraan ang mga pagbabago.

## 2. MGA KARAGDAGANG TUNTUNIN

Ang ilang serbisyo na inihahandog ng o sa pamamagitan ng SMG Services, tulad ng mga mobile na aplikasyon, mga sweepstake, mga alok, mga paligsahan at iba pang mga serbisyo, ay maaaring pamahalaan ng mga karagdagang tuntunin at kundisyon na ipinakita kasabay ng mga ito ("Mga Karagdagang Tuntunin"). Dapat kang sumang-ayon sa Mga Karagdagang Tuntunin bago gamitin ang mga naturang serbisyo. Ang anumang Mga Karagdagang Tuntunin ay ipatutupad bilang dagdag sa Mga Tuntuning ito. Kung may alinmang

probisyon ng Mga Karagdagang Tuntunin na sumasalungat sa anumang probisyon ng Mga Tuntunin na ito, ang Mga Karagdagang Tuntunin ay mangingibabaw sa hindi katugmang probisyon sa Mga Tuntunin na ito sa lawak lamang ng hindi pagkakatugma.

## 3. NILALAMAN NG SMG

Ang SMG Services, kasama ang anumang impormasyon, mga grapiko, larawan, gawang sining, teksto, bidyo clip, mga tinipon na impormasyon, software, awdio clip, tatak-kalakal, marka ng serbisyo, log, pangalang pangkalakal at iba pang nilalaman na inilaan sa, sa loob o sa pamamagitan ng SMG Services (kapag pinagsama ay, "**Mga Nilalaman ng SMG**") ay pag-aari ng SMG, aming mga kaanib, kasosyo, taga-lisensiya o mga kinatawang kumpanya at protektado sa ilalim ng copy-right, patent ng tatak-pangkalakal ng Estados Unidos at ng ibang bansa at ng iba pang batas. Maliban sa isinasaad sa seksyon ng limitadong lisensya sa ibaba, o ayon sa hinihiling sa ilalim ng naaangkop na batas, ang alinman sa mga copy-right, tatak-pangkalakal, iba pang intellectual property o anumang bahagi ng SMG Services ay hindi maaaring gamitin, paramihin, i-duplicate, kopyahin, ibenta, muling ibenta, ma-access, baguhin, o kung hindi man ay pagsamantalahan, sa kabuuan o bahagi, para sa anumang layunin nang wala ang aming naunang nakasulat na pahintulot. Ang hindi awtorisadong paggamit ng Nilalaman ng SMG ay maaaring lumabag sa copyright, tatak-pangkalakal at iba pang batas.

Kung sumasang-ayon ka sa Mga Tuntunin na ito (pati na rin sa anumang mga karagdagang tuntunin at kundisyon na may kaugnayan sa partikular na Nilalaman ng SMG), ang SMG ay nagbibigay sa iyo ng isang personal, mababawi, hindi eksklusibo, hindi maililipat at limitadong lisensya (nang walang karapatan sa sublicense) upang ma-access at gamitin ang SMG Services at i-download, i-print at/o kopyahin ang Nilalaman ng SMG para lamang sa iyong sariling personal na paggamit at sasailalim sa Mga Tuntunin na ito. Tinatanggap mo na ang mga lihim ng negosyo at intellectual property na nakapaloob sa SMG Services ay hindi pa nabibigyan at hindi bibigyan ng lisensiya o kaya ay isiniwalat sa iyo. Tinatanggap mo na ang HTML code na ginagawa ng SMG para gawin ang mga pahina ng Mga Serbisyo ay protektado ng mga copyright ng SMG. Ang lahat ng karapatang hindi hayagang ibinigay dito ay inilaan ng SMG.

Sumasang-ayon ka na maliban kung bibigyan ka ng SMG ng paunang nakasulat na pahintulot na gawin ito, hindi mo:

a. isasama ang anumang SMG Content sa anumang ibang trabaho (tulad ng sarili mong website) o gamitin ang SMG Content sa anumang pampubliko o komersiyal na paraan;
b. babaguhin ang anumang abiso tungkol sa copyright, mga tatak-pangkalakal o ibang intellectual property na maaaring bahagi ng SMG Content; o
c. ”idi-deep link” sa anumang SMG Services (iyon ay, link sa anumang page maliban sa home page ng isa sa SMG Services).

Ang mga tatak-pangkalakal, logo at marka ng serbisyo (ang “Mga Marka”) na pinapakita sa o sa pamamagitan ng SMG Services ay pag-aari ng SMG o ng mga ikatlong partido. Pinagbabawalan kang gamitin ang Mga Marka nang walang paunang nakasulat na pahintulot ng SMG o ng nasabing ikatlong partido. Kung gusto mo ng impormasyon kung paano makakakuha ng pahintulot

ng SMG na gamitin ang SMG Content, mag-email sa privacyofficer@smg.com.

## 4. PAGGAMIT NG SMG SERVICES

4.1. Pagiging Nararapat: Ang SMG Services ay hindi nilalayon para magamit ng mga bata na wala pa sa edad kung saan sila ay legal na pinahihintulutan sa bansang tinitirhan nila upang ibigay ang kanilang pahintulot para maproseso ang kanilang personal na impormasyon. Kung mas bata ka sa edad na pinahihintulutan sa iyong bansa, hindi mo maaaring gamitin ang SMG Services.

4.2. Ang Iyong Account: Maaaring atasan kang gumawa ng account ("**Account**") para magamit ang ilang tampok ng SMG Services. Sumasang-ayon kang magbigay, magpanatili at mag-update ng tumpak, bago at kumpletong impormasyon tungkol sa sarili mo. Sumasang-ayon kang hindi gagayahin ang sinumang tao o entidad o magsisinungaling tungkol sa iyong pagkakakilanlan o kaugnayan sa sinumang tao o entidad, kabilang ang paggamit ng username, password o ibang impormasyon ng account ng ibang tao o pangalan, pagkakahawig, boses, larawan o litrato ng ibang tao. Higit kang sumasang-ayon na abisuhan kami agad sa privacyofficer@smg.com ng anumang hindi awtorisadong paggamit ng iyong username, password, ibang impormasyon ng account, o anumang ibang paglabag sa seguridad na nalaman mo na kinabibilangan ng SMG Services.

**Sa pamamagitan ng paggawa ng Account, sumasang-ayon ka na maaaring makipag-ugnayan sa iyo ang SMG gamit ang ibinigay mong email address noong ina-activate ang iyong Account.**

Huwag payagan ang ibang tao na gamitin ang iyong Account. Responsable ka sa lahat ng paggamit ng iyong Account, kabilang ang paggamit ng ibang tao na binigyan mo ng access sa iyong Account.

4.3. Ang Mga Responsibilidad Mo:

**Ang Pagsang-ayon Mong Gamitin Ang SMG Services Para Lang sa Naaayon sa Batas na Layunin.** Sumasang-ayon ka na gagamitin mo lang ang SMG Services para sa layuning naaayon sa batas. Hindi mo gagamitin ang SMG Services sa anumang paraan na maaaring makasira, hindi magpagana, labis na kargahan ang mga server o network ng SMG o makialam sa paggamit at pagtamasa ng ibang partido sa SMG Services.

**Ang Pagsang-ayon Mong Hindi Gamitin ang Mga Serbisyo ng SMG para sa Labag sa Batas o Hindi Awtorisadong Layunin.** Higit kang sumasang-yon na hindi ka magtatangkang kumuha ng hindi awtorisadong access sa SMG Services, mga Account ng ibang gumagamit o mga sistema ng kompyuter o network ng SMG sa pamamagitan ng pag-hack, password mining o anumang ibang paraan. Nang hindi nililimitahan ang anumang nabanggit, sumasang-ayon ka na hindi mo (at hindi mo hihikayatin o papayagan ang sinumang ikatlong partido na):

a. kokopyahin, babaguhin, i-aangkop, isasalin, ire-reverse engineer, ide-decode o kung hindi man ay pagtatangkaang i-access ang anumang bahagi ng SMG Services o SMG Content;
b. aalisin ang anumang copyright, tatak-pangkalakal o ibang abiso sa mga karapatan sa pagmamay-ari na nilalaman sa SMG Services o SMG Content;
c. lilinlangin, hindi pagaganahin o kung hindi man ay pakikialaman ang mga tampok na may kaugnayan sa seguridad o pag-iwas sa panloloko ng aming Mga Serbisyo o mga tampok na pumipigil o naglilimita sa paggamit o pagkopya ng alinman sa SMG Content o

pagpapatupad ng mga limitasyon sa paggamit ng aming Mga Serbisyo o SMG Content;

d. gagamitin nang mali ang Mga Serbisyo sa pamamagitan ng sinasadyang paglalagay ng mga virus, Trojan, worm, logic bomb, spyware, malware, o ibang mapanira o teknolohikal na nakakasirang materyal;
e. gumamit ng kahit na anong robot, spider, aplikasyon sa paghahanap/pagkuha sa site, o ibang automated na device, proseso o pamamaraan para ma-access, makuha, ma-scrape o ma-index ang anumang bahagi ng SMG Services;
f. ipaupa, i-lease, ipahiram, ibenta, i-sublicense, italaga, ipamahagi, ilathala, ilipat o kung hindi man ay gawing makukuha ang SMG Services, o anumang mga tampok o paggana ng SMG Services, sa alinmang ikatlong partido para sa anumang dahilan, kasama ang gawing magagamit ang SMG Services sa isang network kung saan ito maaaring ma-access ng mahigit sa isang device anumang oras;
g. i-reformat o i-frame ang anumang bahagi ng mga web page na bahagi ng SMG Services;
h. gumawa ng mahigit isang Account sa automated na pamamaraan o sa ilalim ng mali o mapanlokong pagkukunwari; o
i. kolektahin o iimbak ang personal na impormasyon tungkol sa ibang gumagamit nang wala nitong paunang nakasulat na pahintulot.

**Mga Kahihinatnan ng Hindi Awtorisadong Paggamit o Maling Paggamit ng SMG Services.** Sumasang-ayon ka na ang iyong karapatang gamitin ang SMG Services ay hihinto kaagad sa iyong paglabag sa alinman sa mga patakarang ito, at ang SMG ay may diskresyong wakasan ang iyong pag-access sa SMG Services nang walang karagdagang abiso kung lalabagin mo ang alinman sa mga inaatas o mga pagbabawal na nakasaad sa Mga Tuntunin na ito o sa anumang mga karagdagang Naaangkop na Tuntunin. Higit na sumasang-ayon kang isauli o sirain ang anumang mga kopya ng Materyales ng Site na ginawa mo kung sabihin naming gawin mo ito.

Mahigpit na ipinagbabawal ang hindi awtorisadong paggamit at maling paggamit ng SMG Services; depende sa mga pangyayari, maaaring mapasailalim ka sa isang sibil na paghahabol para sa mga pinsala at/o pag-uusig na kriminal.
Inilalaan ng SMG ang karapatang mag-ulat ng anumang paglabag sa Mga Tuntunin na ito o hindi awtorisadong paggamit o maling paggamit ng SMG Services sa mga awtoridad na nagpapatupad ng batas. Sa kaganapan ng anumang hindi awtorisadong paggamit o maling paggamit ng SMG Services, ang iyong karapatang gamitin ang SMG Services ay ihihinto kaagad, at maaaring wakasan ng SMG ang iyong access sa SMG Services nang walang abiso.

**Ang Responsibilidad Mo sa Mga Singil, Bayarin at Ibang Gastusin na kaugnay ng Paggamit ng SMG Services (kasama ang Mga Bayad sa Text Messaging).** Tanging ikaw ang responsable sa anuman at lahat ng singil, bayarin at ibang gastos na may kaugnayan sa paggamit ng SMG Services. Kapag in-access mo at ginamit ang SMG Services sa iyong smartphone, tablet o ibang mobile device, dapat ay mayroon kang wireless na serbisyo sa pamamagitan ng Wi-Fi o kalahok na provider ng mobile na serbisyo. Ang ilang serbisyo ay maaaring mangailangan ng kakayahan sa text messaging (SMS o MMS). Sumasang-ayon ka na tanging ikaw ang responsable sa lahat ng singil sa mensahe at data na matatamo mula sa provider mo ng mobile na serbisyo. Hindi kami nagpapatupad ng hiwalay na singil sa anumang serbisyo sa text messaging na maaaring ihandog namin ngunit maaaring may singil sa mensahe at data. Lahat ng singil ay sisingilin ng at ibabayad sa iyong provider ng mobile na serbisyo. Kontakin ang provider mo ng mobile na serbisyo para sa mga plano sa pagpepresyo at mga detalye. Hindi mananagot ang SMG sa anumang mga pagkaantala sa paghahatid ng mga text message o anumang pagkabigo na maihatid ang mga text message dahil ang paghahatid ay napapailalim sa epektibong paghahatid mula sa iyong provider ng mobile na serbisyo. Ang mga text message ay maaaring hindi magamit sa lahat ng lugar sa lahat ng

panahon.

Mga Kahihinatnan ng Pagpayag Mong Makatanggap ng Mga Text Message. Kapag pumayag kang makatanggap ng mga text message mula sa amin, ang dalas ng mga text message na ipapadala namin sa iyo ay depende sa mga transaksiyon mo sa amin. Sa pagsang-ayon na makakatanggap ka ng mga text message, nauunawaan mo at sumasang-ayon ka na maaaring gumamit ang SMG ng isang awtomatikong pag-dial na sistema upang maghatid ng mga text message sa iyo, at higit pang maunawaan na ang iyong pahintulot sa pagtanggap ng mga text message ay hindi kinakailangan upang mapahintulutan kang bumili ng anumang mga kalakal o mga serbisyo.

4.4 Mga Pagsusumite. Ang SMG ay maaaring paminsan-minsang mag-alok ng mga pagkakataon para sa iyo at sa iba pang mga gumagamit na kusang-loob na magpaskil o magsumite ng mga rating, mungkahi, mga komento sa bidyo, mga ideya, mga tala, mga konsepto o iba pang impormasyon o mga materyales sa o sa pamamagitan ng SMG Services (kapag pinagsama ay, "**Mga Pagsusumite**").

Ikaw ay at mananatiling tanging may pananagutan para sa iyong Mga Pagsusumite at para sa mga kahihinatnan ng pagsusumite at pagpaskil ng mga naturang Pagsusumite. Ikaw ang tanging mananagot sa anumang pinsala na magreresulta mula sa anumang paglabag ng mga copyright, mga karapatan sa pagmamay-ari, o anumang iba pang pinsala na magreresulta mula sa iyong Mga Pagsusumite. Kapag nagsusumite o nagpapaskil ng Mga Pagsusumite, dapat mong limitahan, hanggang sa pinakamalawak na posibleng limitasyon, ang dami ng personal na impormasyon na iyong ibinibigay dahil ang Mga Pagsusumite ay maaaring maiugnay sa iyo depende sa mga detalye na iyong ibinibigay.

Sa pamamagitan ng pagpapadala, pagpapaskil o pagpapadala ng mga Pagsusumite sa SMG (at/o sa aming [mga] itinalaga) o anumang bahagi ng SMG Services, awtomatiko mong ibibigay, o ginagarantiyahan na ikaw o sinumang ibang may-ari ng materyal na iyong isinumite ay malinaw na ipinagkaloob, sa SMG at sa aming mga itinalaga sa buong mundo, nang hindi eksklusibo, maaaring i-sub-license (sa pamamagitan ng maramihang tier), maililipat, walang royalty, walang katapusan, hindi mababawing karapatan na gamitin, kopyahin, i-sublicense (sa pamamagitan ng maramihang tier), ipamahagi, gumawa ng mga hinangong gawa ng, magsagawa at i-import ang iyong mga Pagsusumite (nang buo o bahagi) sa anumang media na kilala ngayon o mabubuo sa hinaharap, para sa anumang layunin kung ano pa man, komersyal o kung hindi man, nang walang kabayaran sa iyo. Sa madaling salita, ang SMG ay may awtomatikong karapatan na gamitin ang iyong Mga Pagsusumite -- kabilang ang muling paggawa, pagsisiwalat, paglathala o pagsasahimpapawid sa iyong Mga Pagsusumite -- saanman, anumang oras, sa anumang pamamaraan at para sa anumang layunin nang hindi nagbabayad ng anumang bayad o utang ng anumang obligasyon sa iyo. Pinahihintulutan mo rin ang sinumang ibang gumagamit na ma-access, tingnan, iimbak o

i-reproduce ang iyong Pagsusumite para sa personal na paggamit ng gumagamit na iyon. Iyong binibigyan ang SMG (at/o mga itinalaga namin) ng karapatang gamitin ang alinman sa Mga Pagsusumite mo para sa anumang layunin kahit saan. Hindi ka nararapat sa anumang uri ng pagbabayad kung ang SMG (at/o [mga] itinalaga nito) ay gagamitin ang isa sa Mga Pagsusumite mo. Ang lahat ng Mga Pagsusumite ay itinuturing na hindi kumpidensiyal at hindi pag-aari.

Ang mga pinaskil mong Pagsusumite ay gagawing magagamit ng publiko. Tinatanggap mo na wala kang inaasahang pagkapribado alinsunod sa alinman sa Mga Pagsusumite mo. Higit mo pang tinatanggap na ginagawa mo nang kusa ang Mga Pagsusumite at ikaw ang mananagot sa panganib. Dapat timbangin mo nang mabuti kapag nagpapaskil ng impormasyon, mga

komento o ibang nilalaman patungkol sa SMG, Mga Kliyente ng SMG o ibang entidad o tao. Maaaring legal kang panagutin para sa anumang pinsala na dulot sa ibang gumagamit, sa SMG, o sa mga ikatlong partido bilang resulta ng mapanira o kung hindi man ay legal na maaaksiyunang Pagsusumite mo. Kapag nagpapaskil ng Pagsusumite, maaaring piliin mong i-link ang Pagsusumite sa iyong username o isang pseudonym maliban kung iba ang iniaatas ng mga batas sa bansang tinitirhan mo.

Ang SMG ay hindi legal na responsable sa anumang Mga Pagsusumite na gawa ng ibang gumagamit kahit na ang naturang Mga Pagsusumite ay mapanira o kung hindi man ay maaaksiyunan. Ang SMG ay hindi responsable sa, at hindi ine-endorso ang mga opinyon, payo o rekomendasyong pinaskil o kung hindi man ay isinumite sa o sa pamamagitan ng SMG Services. Partikular na itinatanggi ng SMG ang anuman at lahat ng pananagutan na may kaugnayan sa mga nasabing Pagsusumite. Hindi kinukumpirma ng SMG o pinatototohanan ang mga kuwalipikasyon, background, o mga kakayahan ng mga gumagamit o ang impormasyon na kanilang ipapaskil sa o sa pamamagitan ng anumang SMG Services. Kaya, hinihikayat ka ng SMG na gumamit ng sentido kumon at timbanging mabuti ang paghahanda ng iyong Mga Pagsusumite.

Sa pagpapaskil ng Pagsusumite, ikaw ay sumasang-ayon, kumakatawan at ginagarantiya na ang Pagsusumite mo:

a. ay totoo at tumpak;
b. ay tumutukoy sa itinalagang paksa o tema ng SMG Services;
c. ay hindi nanghihimasok, maling inaakma o lumalabag sa anumang copyright, tatak-pangkalakal, patent, literaryo, lihim ng negosyo, pagkapribado, publisidad, pag-aari, kontraktuwal o ibang karapatan ng ikatlong partido;
d. ay hindi naglalaman ng impormasyon na kumikilala sa sinumang tao o impormasyon na kung hindi man ay may kasamang personal na impormasyon ng sinumang tao maliban kung mayroon kang paunang nakasulat na pahintulot ng taong iyon;
e. ay hindi gumagawa ng anumang hindi napatunayang pahayag tungkol sa sinumang ikatlong partido o mga produkto o serbisyo nito;
f. ay hindi naglalaman ng anumang mapanirang-puri, nakakasira, huwad, nakakalito, bulgar, malaswa, pornograpiya, marahas, panatiko, tahasang sekswal, mapoot, mapang-abuso, nagbabanta, nangha-harass, antisosyal, sekswal o nakakasakit sa lahi na mga komento o iba pang nilalaman na nakakapinsala o maaaring makatwirang inaasahan na makapinsala sa sinumang tao o entidad;
g. ay hindi iligal at hindi nanghihikayat o nagtataguyod ng mga iligal na aktibidad o ang pagtalakay sa mga iligal na aktibidad na may layuning gawin ang mga ito;
h. ay hindi komersyal o may kaugnayan sa negosyo, at hindi nag-a-advertise o nag-aalok na magbenta ng anumang mga produkto o serbisyo (maging ito man ay o hindi para kumita), o humingi mula sa iba (kabilang ang mga paghingi ng mga donasyon at kontribusyon);
i. ay hindi naglalaman ng isang virus o iba pang mapanganib na bahagi, o kung hindi man ay makikialam, makakapinsala o makakasira sa SMG Services o anumang nakakonektang network, o kung hindi man ay makagambala sa paggamit at kasiyahan ng tao o entidad sa SMG Services; at
j. ay sumusunod sa lahat ng naaangkop na batas, regulasyon, patakaran, polisiya at nakakontrata na mga tuntunin na nauukol sa iyong Pagsusumite, gayundin sa SMG Services sa o sa pamamagitan ng kung saan ikaw ay nagpapaskil o kung hindi man ay nagbibigay ng iyong Pagsusumite, kabilang ang mga paghihigpit sa edad.

Tinatanggap mo at sumasang-ayon ka na ang SMG ay may karapatan, pero walang obligasyong baguhin, alisin o tanggihan na magpaskil o pahintulutang magpaskil ng anumang Pagsusumite. Ang SMG ay walang responsibilidad at walang inaakong pananagutan sa

anumang Pagsusumite na pinaskil mo o ng sinumang ikatlong partido. Ang SMG ay hindi maaari at hindi matitiyak na ang lahat ng gumagamit ay sumusunod sa mga probisyon na ito, at, tulad ng sa pagitan mo at ng SMG, inaako mo ang lahat ng panganib ng pananakit o pinsala na magreresulta mula sa anumang katulad na kakulangan ng pagsunod.

Hinihikayat ka ng SMG na bawasan ang pagsisiwalat ng anumang personal na impormasyon sa iyong Mga Pagsusumite dahil maaaring makita at gamitin ng iba ang personal na impormasyon sa iyong Mga Pagsusumite. Hindi responsable ang SMG sa impormasyon na pinili mong sabihin sa pamamagitan ng Mga Pagsusumite.

## 5. MGA SITE AT MGA SERBISYO NG IKATLONG PARTIDO

Ang Mga Serbisyo ng SMG ay maaaring maglaman ng mga link sa mga website at mga serbisyo ng ikatlong partido, kabilang ang social media (kapag pinagsama ay, "**Mga Naka-link na Serbisyo**"). Ang Mga Naka-link na Serbisyo ay wala sa ilalim ng kontrol ng SMG, at ang SMG ay hindi responsable sa Mga Naka-link na Serbisyo o para sa anumang impormasyon o materyales sa o anumang uri ng pagpapadala na natanggap mula sa, anumang Naka-link na Serbisyo. Ang pagsasama ng link ay hindi nagpapahiwatig ng pag-endorso ng SMG ng Naka-link na Serbisyo o anumang kaugnayan sa mga nagpapatakbo sa Naka-link na Serbisyo. Hindi iniimbestigahan, pinatototohanan o sinusubaybayan ng SMG ang Mga Naka-link na Serbisyo. Nagbibigay ang SMG ng mga link sa Mga Naka-link na Serbisyo para lang sa iyong kaginhawaan. Ina-access mo ang Mga Naka-link na Serbisyo nang may sariling pananagutan sa panganib.

## 6. PAGKAPRIBADO/SEGURIDAD

Bago gamitin ang SMG Services, basahin nang mabuti ang Patakaran sa Pagkapribado ng SMG upang malaman ang tungkol sa personal na impormasyon na kinokolekta ng SMG sa SMG Services, kung paano namin ipinoproseso ito, at kung kanino maaari naming ibahagi ang personal na impormasyon.

## 7. PAGKAKAROON NG BISA NG KONTRATA, PAGTATATUWA SA MGA GARANTIYA AT MGA LIMITASYON NG PANANAGUTAN

Ginagarantiya ng SMG na may bisa ang pagpasok ng SMG sa Mga Tuntuning ito at may legal na kapangyarihang gawin ito. Ginagarantiya mo na may bisa kang pumasok sa Mga Tuntuning ito at may legal na kapangyarihang gawin ito.

**MALIBAN SA HAYAGANG ISINAAD SA ITAAS**, IBINIBIGAY ANG **SMG SERVICESNANG "AYON SA KASALUKUYAN NITONG KONDISYON" AT "AYON SA PAGIGING AVAILABLE" NANG WALANG GARANTIYA NG ANUMANG URI, HAYAGAN MAN O IPINAHIWATIG.**
Ang SMG ay walang ginagawang mga representasyon o garantiya tungkol sa katumpakan, pagiging maaasahan, pagkakumpleto, o pagiging nasa oras ng SMG Content o ang mga resulta na makukuha mula sa paggamit ng SMG Services at SMG Content. Ikaw ang mananagot sa panganib sa paggamit ng SMG Services at Content.Ang mga pagbabago ay paminsan-minsang ginagawa sa SMG Services at SMG Content. Magagawa ang mga pagbabagong ito anumang oras. Ang ilang content sa SMG Services ay maaaring ibigay ng mga ikatlong partido. Hindi responsable ang SMG sa anumang nasabing nilalaman ng ikatlong partido.

ANG SMG SERVICES AT SMG CONTENT AY IBINIBIGAY NANG "AYON SA KASALUKUYAN NITONG KONDISYON" NANG WALANG ANUMANG URI NG GARANTIYA. SA LAWAK NA PINAHIHINTULUTAN NG NAAANGKOP NA BATAS, PARTIKULAR NA TINATATUWA NG SMG ANG LAHAT NG GARANTIYA AT KONDISYON NG ANUMANG URI, KABILANG ANG LAHAT

NG IPINAHIWATIG NA GARANTIYA AT KONDISYON NG KAKAYAHANG MABENTA, KAANGKUPAN PARA SA ISANG PARTIKULAR NA LAYUNIN, TITULO, HINDI PAGLABAG SA MGA KARAPATAN SA PAG-AARI O MGA KARAPATAN NG IKATLONG PARTIDO, KAWALAN NG MGA DEPEKTO, WALANG ABALANG PAGGAMIT AT LAHAT NG IPINAHIWATIG NA GARANTIYA MULA SA ANUMANG HABA NG PAKIKIPAGNEGOSYO O PAGGAMIT NG KALAKAL.

HINDI GINAGARANTIYA NG SMG NA (A) MATUTUGUNAN NG SMG SERVICES ANG MGA KINAKAILANGAN MO, (B) ANG PAGPAPATAKBO NG SMG SERVICES AY WALANG ANTALA O WALANG VIRUS- O WALANG MALI O (C) ANG MGA MALI AY IWAWASTO. KUNG ANG PAGGAMIT MO NG SMG SERVICES O SMG

CONTENT AY MAGRERESULTA SA PANGANGAILANGAN SA PAGSESERBISYO O PAGPAPALIT NG KAGAMITAN, O KAWALAN NG MGA KITA O IMPORMASYON, HINDI RESPONSABLE ANG SMG SA MGA GASTUSING ITO. ANG ANUMANG SINABI O NAKASULAT NA PAYO NA IBINIGAY NG SMG O NG MGA AWTORISADO NITONG KINATAWAN AY HINDI GUMAGAWA AT HINDI GAGAWA NG GARANTIYA. HINDI PINAHIHINTULUTAN NG ILANG HURISDIKSIYON ANG HINDI PAGSAMA NG MGA IPINAHIWATIG NA GARANTIYA NA NANGANGAHULUGAN NA ANG ILAN O LAHAT NG HINDI KASAMANG BINANGGIT SA ITAAS AY MAAARING HINDI MAILALAPAT SA IYO.

**IKAW ANG MANANAGOT SA PANGANIB SA PAGGAMIT MO NG SMG SERVICES**. Kung hindi ka nasisiyahan sa SMG Services, kasama ang anumang nilalaman ng SMG Services, ang tangi mong remedyo ay ihinto ang paggamit ng SMG Services.

SUMASANG-AYON KA NA HINDI KAILANMAN PANANAGUTIN ANG SMG O ANG SINUMANG MGA IKATLONG PARTIDO NA TINUKOY SA ALINMAN SA SMG SERVICES (A) PARA SA MGA ANUMANG URI NG PINSALA, KASAMA ANG DIREKTA, HINDI DIREKTA, ESPESYAL, NATATANGI, SINASADYA, MAY KAHIHINATNAN O MAAARING PARUSAHANG MGA PINSALA O ANUMANG IBA PANG URI NG MGA PINSALA (KABILANG ANG, NGUNIT HINDI LIMITADO SA, PAGKUHA NG MGA KAPALIT NA PANINDA O SERBISYO, KAWALAN NG PAGGAMIT, IMPORMASYON O MGA KITA, O PAGKAANTALA SA NEGOSYO), PAANO MAN NAIDULOT AT SA ILALIM NG ANUMANG TEORYA NG PANANAGUTAN NA MULA SA ANUMANG PARAANG KAUGNAY SA MGA TUNTUNING ITO O SA PAGGAMIT O KAWALAN NG KAKAYAHANG GAMITIN ANG SMG SERVICES AT ANG CONTENT NITO, ITO MAN AY BATAY SA GARANTIYA, KONTRATA, MAHIGPIT NA PANANAGUTAN, MALING PAGKILOS (KABILANG ANG KAPABAYAAN O IBA PA), O ANUMANG IBA PANG LEGAL NA TEORYA KAHIT NA KUNG ANG SMG AY NAABISUHAN NG POSIBILIDAD NG NASABING PINSALA, O (B) PARA SA ANUMANG IBANG PAGHABOL, DEMANDA O ANUMANG PINSALA NA NAGRERESULTA MULA SA O NAGMULA SA O KAUGNAY SA PAGGAMIT MO NG SMG SERVICES. ANG PAGTATATUWA NG PANANAGUTANG ITO AY HINDI MAILALAPAT SA LAWAK NA IPINAGBABAWAL NG NAAANGKOP NA BATAS.
KUNG SA ANUMANG DAHILAN ANG MGA PAGTATATUWA NG MGA GARANTIYA O LIMITASYON NG PANANAGUTANG ISINAAD SA SEKSYON 7 NA ITO AY HINDI MAILALAPAT O HINDI MAIPAPATUPAD SA ANUMANG DAHILAN, ANG PINAKAMALAKING PANANAGUTAN NG SMG SA ANUMANG URI NG MGA PINSALA SA ILALIM NITO AY LIMITADO SA $1,000.

**Tinatanggap at sinasang-ayunan mo na ang mga limitasyon ng pananagutan na ipinahayag sa itaas, kasama ang iba pang mga probisyon sa mga Tuntunin na naglilimita ng pananagutan, ay mga mahalagang tuntunin at hindi ka bibigyan ng SMG ng mga karapatan na isinaad sa Mga Tuntunin na ito ngunit para sa iyong pagsang-ayon sa mga nakasaad sa itaas na mga limitasyon ng pananagutan.**

KUNG IKAW AY RESIDENTE NG CALIFORNIA, IPINAUUBAYA MO ANG IYONG MGA KARAPATAN ALINSUNOD SA CALIFORNIA CIVIL CODE SEKSYON 1542, NA SINASABING "ANG PANGKALAHATANG PAGLALABAS AY HINDI UMAABOT SA MGA PAGHABOL NA HINDI ALAM NG NAGPAPAUTANG O HINIHINALANG NASA PABOR NIYA SA PANAHON NG PAGSASAGAWA NG PAGLALABAS, NA, KUNG ALAM NIYA AY DAPAT MATERYAL NA NAKAAPEKTO SA PAGBABAYAD NIYA SA INUTANGAN."

**8. PAGBABAYAD-PINSALA**

Sumasang-ayon ka, sa iyong sariling gastos, na ipagtanggol, magbayad-pinsala at hindi panagutin ang SMG at mga kliyente nito, mga direktor, opisyal, empleyado at ahente mula sa at laban sa lahat ng pagkalugi, pananagutan, paghahabol, pagkilos o mga pagdedemanda, kabilang nang walang limitasyon, ang anumang pinsala sa pera, gastos, mga gastos sa pagtatanggol, kabilang ang mga makatwirang bayad sa abugado at mga bayarin sa accounting, na dinala laban sa SMG ng anumang ikatlong partido na nagmumula sa iyong paggamit ng SMG Services o iyong paglabag sa alinman sa Mga Tuntunin na ito, mga karapatan ng ikatlong partido o naaangkop na batas. Ang probisyon sa pagbabayad-pinsala ay hindi mailalapat sa lawak na ipinagbabawal ng naaangkop na batas. Nirereserba ng SMG ang karapatan, sa sarili nitong gastos, na akuin ang eksklusibong depensa at kontrol sa anumang usaping sasailalim sa pagbabayad-pinsala sa ilalim nito. Walang pakikipagkasundo na makakaapekto sa mga karapatan o obligasyon ng SMG ang maaaring gawin nang walang paunang nakasulat na pag-apruba ng SMG.

**9. PAGLUTAS SA HINDI PAGKAKASUNDO**

Maliban sa anumang mga hindi pagkakasundo na may kaugnayan sa mga karapatan o obligasyon sa intellectual property, o anumang mga paghahabol sa paglabag, na pinamamahalaan ng pederal na batas ng US, ang anumang mga hindi pagkakasundo sa pagitan mo at ng SMG na nagmumula sa, o may kaugnayan sa Mga Tuntunin na ito ay pamamahalaan at isasaalang-alang at ipapatupad nang alinsunod sa mga batas ng Estado ng Missouri (Estados Unidos) anuman ang iyong bansang pinagmulan o kung saan mo ina-access ang Mga Serbisyo, at sa kabila ng anumang mga salungat sa mga prinsipyo ng batas. Ang lahat ng naturang hindi pagkakasundo ay dapat isaalang-alang nang alinsunod sa mga batas ng Missouri na naaangkop sa mga kontrata na ipinasok at isinagawa sa loob ng Estado ng Missouri. Ikaw at ang SMG ay sumasang-ayon na ang United Nations Convention on Contracts para sa International Sale of Goods ay hindi nalalapat sa interpretasyon o paggawa ng Mga Tuntunin na ito.

**IKAW AT ANG SMG AY SUMASANG-AYON NA ANG BAWAT ISA AY MAAARING MAGHABLA LABAN SA ISA LAMANG SA ISANG INDIBIDWAL NA BATAYAN AT HINDI BILANG ISANG NAGSASAKDAL O MIYEMBRO NG NAGHAHABLANG GRUPO SA ANUMANG ITINUTURING NA PAGHAHABLA O PAGLILITIS NG GRUPO.**

**IKAW AT ANG SMG AY SUMASANG-AYON NA ANG LAHAT NG PAGHAHABOL AY MALULUTAS NG ARBITRASYON NA PAGPAPASIYAHAN NG ISANG TAGAPAMAGITAN SA PARAAN NA NATUKOY SA SEKSIYON 9 AT IKAW AT ANG SMG AY TINATALIKDAN ANG ANUMANG KARAPATANG DALHIN ANG MGA NASABING PAGHAHABLA SA HARAP NG ANUMANG HUKUMAN NG BATAS.** ANG MGA KARAPATAN NA MAYROON KA KUNG PUMUNTA KA SA KORTE, TULAD NG ACCESS SA PAGTUKLAS, AY MAAARING WALA O LIMITADO SA ARBITRASYON.

Ang anumang hindi pagkakasundo sa pagitan mo at ng SMG at mga kinatawan nito, empleyado, mga opisyal, direktor, mga prinsipal, mga kahalili, mga itinalaga, mga subsidiary o mga kaanib na nagmumula sa o may kaugnayan sa Mga Tuntunin na ito at ang kanilang interpretasyon o ang paglabag, pagtatapos o pagkakaroon ng bisa nito, ang mga ugnayan na bunga ng Mga Tuntunin na ito, kabilang ang mga hindi pagkakasundo tungkol sa pagkakaroon ng bisa, saklaw o pagpapatupad ng mga Tuntunin na ito sa arbitrasyon (kapag pinagsama ay, "**Mga**

**Nasasaklawang Hindi Pagkakasundo**") ay sasailalim sa arbitrasyon na pagpapasiyahan ng isang tagapamagitan sa Estado ng Missouri na pinangangasiwaan ng American Arbitration Association (AAA) ayon sa mga patakaran nito (kabilang ang mga patakaran at pamamaraan nito para sa mga hindi pagkakasundo na may kaugnayan sa mamimili) na ipatutupad sa petsa nito. Bago simulan ang anumang arbitrasyon, ang nagpapasimulang partido ay magbibigay sa kabilang partido ng hindi bababa sa 60 araw ng paunang nakasulat na abiso sa nilalayon nitong magsampa para sa arbitrasyon. Magbibigay ang SMG ng nasabing abiso sa pamamagitan ng email sa email address na ibinigay mo noong ginawa mo ang iyong account o sa pamamagitan ng email sa email address na ibinigay mo sa SMG; dapat kang magbigay ng nasabing abiso sa SMG sa pamamagitan ng email sa privacyofficer@smg.com.

Ang pagbabayad ng lahat ng bayarin sa pagsusumite, pangangasiwa at tagapamagitan ay pamamahalaan ng mga patakaran ng AAA. Kung, gayunpaman, maipakita mo na ang mga gastos ng arbitrasyon ay mataas para sa iyo kumpara sa mga gastos ng paglilitis, magbabayad ang SMG ng katumbas na halaga ng mga bayarin para sa pagsusumite, pangangasiwa at tagapamagitan na itinuturing na kinakailangan ng tagapamagitan upang maiwasang maging masyadong mataas ang gastos ng artbitrasyon para sa iyo. Kung malalaman ng tagapamagitan na ang (mga) paghahabol na iyong igigiit sa arbitrasyon ay walang kabuluhan, sumasang-ayon kang bayaran ang SMG para sa lahat ng bayarin na nauugnay sa arbitrasyon na binayaran ng SMG sa ngalan mo na dapat mong bayaran sa ilalim ng mga patakaran ng AAA.

Isang tagapamagitan ang pipiliin ayon sa Mga Komersiyal na Patakaran sa Arbitrasyon ng AAA. Isasagawa ang arbitrasyon sa wikang Ingles. Ang tagapamagitan ay magkakaroon ng kapangyarihang magbigay ng anumang kaluwagan na mayroon sa hukuman sa ilalim ng batas o sa katarungan at ang anumang paggawad ng tagapamagitan ay magiging pinal at umiiral sa bawat isa sa mga partido at maaaring ipasok bilang isang paghatol sa anumang hukuman na may kakayahang hurisdiksyon. Ang tagapamagitan ay hindi, gayunpaman, magkakaroon ng kapangyarihan na maggawad ng mga pinsala na maaaring bigyan ng parusa, ang karapatan na tinatalikdan ng bawat partido. Ang tagapamagitan ay maglalapat ng naaangkop na batas at mga probisyon ng Mga Tuntunin na ito; ang kabiguang gawin ito ay ituturing na sobra sa awtoridad ng tagapamagitan at mga batayan para sa pagsusuri ng hukuman. Ang pagpapasiya ng tagapamagitan ay dapat may nakasulat na paliwanag at manatiling kumpidensiyal.

Ikaw at ang SMG ay sumasang-ayon na ang anumang Sinasaklawang Hindi Pagkakasundo ay isusumite sa arbitrasyon sa indibiduwal na batayan lang. **IKAW AT ANG SMG AY HINDI NARARAPAT NA MAMAGITAN SA ANUMANG NASASAKLAWANG HINDI PAGKAKASUNDO BILANG PAGHAHABLA NG GRUPO, KINATAWAN O PRIBADONG PANGKALAHATANG ABUGADO AT ANG TAGAPAMAGITAN AY WALANG AWTORIDAD NA MAGPATULOY SA GRUPO, KINATAWAN O PRIBADONG PANGKALAHATANG ABUGADO NA BATAYAN.**
Kung ang anumang probisyon ng kasunduan na mamagitan na nasa Seksiyon 9 na ito ay napatunayan na hindi maipapatupad, ang hindi maipapatupad na probisyon ay ihihiwalay at ang mga natitirang tuntunin ng arbitrasyon ay ipapatupad (ngunit hindi kailanman magkakaroon ng arbitrasyon ng grupo, kinatawan o pribadong pangkalahatang abugado). Anuman ang batas o batas na salungat, ang paunawa sa anumang paghahabol na nagmumula sa o may kaugnayan sa mga Tuntunin na ito ay dapat gawin sa loob ng isang (1) taon matapos na lumitaw ang naturang paghahabol o habang-buhay na ipagbabawal. Para sa mga layunin ng Seksiyon 9 na ito, ang mga Tuntunin na ito at mga may kaugnayang transaksiyon ay sasailalim sa at pamamahalaan ng Federal Arbitration Act, 9 U.S.C. sec.1-16 (FAA).

**Tandaan:** Sa pamamagitan ng pagsang-ayon sa Mga Tuntunin na ito, tahasang sinasang-ayunan mo na ang anumang mga paghahabol o pagkilos na maaaring mayroon ka laban sa SMG sa ilalim ng mga batas ng anumang hurisdiksyon sa labas ng Estados Unidos ay tinatalikdan, kasama nang walang limitasyon, ang anumang mga paghahabol o pagkilos sa ilalim ng mga batas ng

iyong sariling bansa, at ang iyong sariling lokasyon at naaangkop na batas para sa anumang mga hindi pagkakasundo ay nasa Estados Unidos ayon sa mga tuntunin ng Seksiyon 9 na ito.

## 10. MGA GANTIMPALA

Pana-panahon, maaaring handugan ka ng SMG ng pagkakataong makatanggap ng mga gantimpala, tulad ng mga gantimpalang puntos, diskuwento o mga espesyal na handog (kapag pinagsama ay, "**Mga Gantimpala**"). Aabisuhan ka namin kapag makakakuha ka ng Mga Gantimpala sa pamamagitan ng SMG Services. Ang benepisyo ng Mga Gantimpala ay maaaring magkakaiba pati na ang panahon ng pagkakaroon nito ng bisa, kaya tingnan ang mga detalye ng bawat Gantimpala kapag natanggap mo ito. Para sa SurveyMini, makalipas ang siyamnapung (90) araw ng kawalan ng aktibidad, ang mga gantimpalang puntos mo ay mawawalan ng bisa. Ang Mga Gantimpala mo ay para sa personal na paggamit mo. Hindi mo maaaring ilipat, italaga, ibenta, ikalakal o ipagpalit ang iyong Mga Gantimpala. Maliban kung inaatas ng batas, ang Mga Gantimpala ay hindi maaaring ipagpalit sa salapi at hindi maaaring isama sa mga ibang promosyon, handog o ibang diskuwento ng SMG o ng kliyente. Walang ibibigay na mga credit o refund sa anumang dahilan matapos mo kunin ang iyong Mga Gantimpala. Nakalaan sa SMG ang karapatang baguhin, wakasan o suspindihin ang pagkakaroon ng Mga Gantimpala. Sumasang-ayon kang mapailalim sa mga desisyon ng SMG, na pinal at ipinatutupad sa lahat ng usaping kaugnay sa Mga Gantimpala.

## 11. MGA UPDATE SA MGA MOBILE NA APLIKASYON

Maaari kaming paminsan-minsan (sa aming sariling diskresyon) bumuo at magbigay ng mga update para sa aming mga mobile aplikasyon, na maaaring kabilangan ng mga pag-upgrade, pag-aayos ng bug, patch at iba pang mga pagwawasto ng mali at/o mga bagong tampok (kapag pinagsama ay, "**Mga Update**"). Maaari ring baguhin o tanggalin ng mga update sa kabuuan ang ilang tampok at paggana. Sumasang-ayon ka na ang SMG ay walang obligasyong magbigay ng anumang Mga Update o magpatuloy na magbigay o paganahin ang anumang mga partikular na tampok o paggana.

Batay sa mga setting ng iyong mobile na device, kapag ang iyong mobile na device ay nakakonekta sa Internet alinman sa:
(a) Ang mga update ay awtomatikong mada-download at ii-install; o (b) maaaring makatanggap ka ng abiso ng o masabihang mag-download at mag-install ng mga magagamit na Update.

I-download agad at i-install ang lahat ng Update. Kung hindi, ang mga bahagi ng SMG Services ay maaaring hindi tumakbo nang maayos. Higit kang sumasang-ayon na ang lahat ng Mga Update ay ituturing na bahagi ng SMG Services at sasailalim sa lahat ng mga tuntunin at kundisyon ng Mga Tuntuning ito.

## 12. ELEKTRONIKONG PAGKONTRATA

Ang iyong sumasang-ayon na paggamit at/o pagpaparehistro para sa SMG Services ay bumubuo sa iyong pahintulot na pumasok sa mga kasunduan sa amin sa elektronikong paraan.

## 13. MGA LIMITASYON SA HEOGRAPIYA/MGA KONTROL SA PAG-EXPORT

Ang SMG Services at SMG Content ay nakabase sa Estado ng Missouri sa Estados Unidos at bagaman ang bawat isa ay maaaring ibigay para ma-access at magamit ng mga taong nasa labas ng Estados Unidos, tinatanggap mo na para sa legal o pang-operasyong dahilan, hindi ka makaka-access sa SMG Services o sa SMG Content sa hurisdiksiyon mo. Kapag in-access mo ang SMG Services o ang SMG Content mula sa labas ng Estados Unidos, responsable ka sa pagsunod sa mga lokal na batas, kasama ang mga lokal na batas patungkol sa pag-import, pag-export o muling pag-export ng SMG Content.

Maaaring sumailalim ang SMG Services sa mga batas sa pagkontrol ng pag-export sa ilang

bansa, kasama ang US Export Administration Act at mga kaugnay nitong regulasyon. Sumasang-ayon ka na sumunod sa mga naturang batas at regulasyon, at hindi ka, direkta o hindi direktang mag-eexport, muling mag-eexport o maglalabas ng SMG Services sa, o gawing maa-access ang SMG Services mula sa, anumang hurisdiksyon o bansa kung saan ang pag-export, muling pag-export o ang paglalabas ay ipinagbabawal ng batas, tuntunin o regulasyon. Higit kang sumasang-ayon na sumunod ka sa lahat ng naaangkop na pederal na batas, regulasyon at panuntunan, at kumpletuhin ang lahat ng kinakailangang gawin (kabilang ang pagkuha ng anumang kinakailangang lisensya sa pag-export o iba pang pag-apruba ng gobyerno), bago i-export, muling i-export, ilabas o kung hindi man ay gawing makukuha ang SMG Services sa labas ng Estados Unidos. Bilang dagdag, sa pamamagitan ng pag-download ng anumang SMG Content, sumasang-ayon ka na wala ka sa bansa na ang nasabing pag-export ay ipinagbabawal, at wala ka sa Tahalahanayan ng Kautusan sa Pagtanggi ng Commerce Department ng Estados Unidos o ang listahan ng mga Partikular na Itinalagang Mamamayan ng Treasury Department ng Estados Unidos.

**14. MGA KARAPATAN NG PAMAHALAAN NG ESTADOS UNIDOS**

Ang SMG Services ay komersiyal na computer software, ayon sa kahulugan sa 48 C.F.R. §2.101. Alinsunod dito, kung ahensiya ka ng Pamahalaan ng Estados Unidos o sinumang kontratista, makakatanggap ka lang ng mga karapatang iyon alinsunod sa SMG Services ayon sa ibinigay sa lahat ng mga ibang gumagamit sa ilalim ng lisensiya, ayon sa (a) 48 C.F.R. §227.7201 sa pamamagitan ng 48 C.F.R. §227.7204, alinsunod sa Department of Defense at mga kontratista nila, o (b) 48 C.F.R. §12.212, alinsunod sa lahat ng ibang tagalisensiya ng Pamahalaan ng Estados Unidos at mga kontratista nila.

**15. PAGWAWAKAS**

Sa sarili nitong diskresyon, maaaring baguhin o itigil ng SMG ang SMG Services, o maaaring baguhin, suspindihin, o wakasan ang iyong account o ang iyong access sa SMG Services, mayroon o walang abiso sa iyo, anumang oras para sa anumang kadahilanan, nang walang pananagutan sa iyo o anumang ikatlong partido. Halimbawa, ang iyong Account ay maaaring wakasan at ang iyong access sa SMG Services ay tatanggihan, mayroon o walang abiso, kung may dahilan ang SMG na paniwalaan na ikaw ay isang menor de edad. Bilang isa pang halimbawa, maaaring wakasan ng SMG ang iyong Account at ang iyong kakayahang gumamit ng SMG Services, mayroon o walang abiso, kung may dahilan ang SMG na maniwala na nagbigay ka ng hindi totoo, hindi kumpleto o di-tumpak na impormasyon, o nabigong sumunod sa Mga Tuntunin na ito o anumang naaangkop na Mga Karagdagang Tuntunin.

Sumasang-ayon kang isauli o sirain ang anumang mga kopya ng Materyales ng Site na ginawa mo kung sabihin naming gawin mo ito.

Ang pagwawakas ay hindi maglilimita sa anuman sa mga ibang karapatan at remedyo ng SMG. Ang mga Tuntuning ito ay hayagang mananatili, at magkakaroon pa rin ng bisa, kahit na may anumang naturang pagbabago, paghinto, suspensiyon at/o pagwawakas.

**16. MGA ALEGASYON NG PAGLABAG SA COPYRIGHT**

Iginagalang ng SMG ang anumang mga karapatan sa intellectual property ng iba. Tumutugon kami sa mga abiso ng alegasyon sa paglabag ayon sa inaatas ng US Digital Millennium Copyright Act (“**DMCA**”), kabilang, kung saan naaangkop, sa pamamagitan ng pag-alis o pag-disable sa kakayahang ma-access ang materyales na sinasabing paksa ng aktibidad na lumalabag.

Kung may mabuti kang paniniwala na ang trabaho mo ay nakopya sa paraan na bumubuo ng paglabag sa copyright o ang mga karapatan mo sa intellectual property ay nilabag sa o sa pamamagitan ng SMG Services, ipadala ang iyong paghahabol o abiso ng paglabag sa aming kinatawan ng DMCA sa pamamagitan ng pagpapadala nito sa sulat sa:

Kinatawan ng DMCA
Service Management Group, LLC 1737 McGee Street
Kansas City, MO 64108

O sa pamamagitan ng pagpapadala sa email sa:

privacyofficer@smg.com

Dapat kasama sa abiso mo ang sumusunod na impormasyon:

a. isang aktwal o elektronikong lagda ng taong awtorisadong kumilos sa ngalan ng may-ari ng eksklusibong karapatan na pinaghihinalaang nilabag;
b. pagkakakilanlan ng gawa na may copyright na sinasabing nilabag, o kung maraming gawa na may copyright sa iisang single online na site ang sinasaklawan ng iisang abiso, ang kumakatawang listahan ng mga nasabing gawa sa site na iyon;
c. pagkakakilanlan ng materyal na sinasabing lumalabag o na paksa ng lumalabag na aktibidad at na aalisin o na aalisan ng access, at ang impormasyon na makatwirang sapat upang pahintulutan ang provider ng serbisyo na mahanap ang materyal;
d. impormasyon na makatuwirang sapat upang pahintulutan ang provider ng serbisyo na makipag-ugnayan sa nagrereklamong partido, tulad ng isang address, numero ng telepono, at, kung mayroon, isang electronic mail address kung saan maaaring makontak ang nagrereklamong partido;
e. isang pahayag na ang nagrereklamong partido ay may mabuting paniniwala na ang paggamit ng materyal sa paraang inireklamo ay hindi awtorisado ng may-ari ng copyright, kinatawan nito, o ng batas; at
f. isang pahayag na ang impormasyon sa abiso ay tumpak, at sa ilalim ng parusa ng pagsisinungaling, ang nagrereklamong partido ay awtorisadong kumilos sa ngalan ng may-ari ng isang eksklusibong karapatan na di-umano'y nilabag.

Ang aming Kinatawan ng DMCA ay sasagot lang sa mga abiso at tanong na sumusunod sa mga inaatas ng DMCA. Tingnan ang www.copyright.gov para sa karagdagang impormasyon.

## 17. IMPORMASYON PARA SA MGA RESIDENTE NG CALIFORNIA

Sa ilalim ng Kodigo Sibil ng California Seksiyon 1789.3, kinakailangan naming magbigay sa mga residente ng California ng sumusunod na mga partikular na impormasyon sa mga karapatan ng mamimili:

a. Ang SMG Services ay pagmamay-ari at/o pinatatakbo ng Service Management Group, LLC, 1737 McGee Street, Kansas City, MO 64108. Ang numero ng telepono ng SMG ay 1-800-764-0439;
b. maliban kung iba ang hayagang nakasaad, ang SMG Services ay ibinibigay nang walang singil;
c. para magsampa ng reklamo tungkol sa SMG Services o para makatanggap ng higit pang impormasyon tungkol sa paggamit ng SMG Services, magpadala ng sulat sa Service Management Group, LLC, Attn: Data Protection Officer, 1737 McGee Street, Kansas City, MO 64108 o kontakin kami gamit ang email sa privacyofficer@smg.com (na ang Linya ng Paksa ay “California Resident Request”).

Maaari mo rin kontakin ang Complaint Assistance Unit ng Division of Consumer Services ng Department of Consumer Affairs ng California sa pamamagitan ng sulat sa 400 R Street, Suite 1080, Sacramento, California 95814 o sa telepono sa 916.445.1254 o 800.952.5210.

**18. SAMU'T SARI**

a. Ang Mga Tuntunin at ang mga patakaran sa pagkapribado na nakalista sa kani-kanilang mga site ay naglalaman ng buong pag-unawa ng at sa pagitan mo at ng SMG alinsunod sa mga bagay na nakapaloob dito.
b. Ang Mga Tuntuning ito ay nakasulat sa Ingles. Ang nasa wikang-Ingles na Kasunduan ay mananaig sa lahat ng kaparaanan. Ang anumang mga bersyon ng Kasunduang ito sa anumang iba pang wika ay para sa akomodasyon lamang at hindi iiral sa alinmang partido.
c. Ang Mga Tuntunin na ito ay para sa benepisyo ng at iiral sa SMG at sa iyong mga kahalili at itatalaga, ayon sa pagkakabanggit.
d. Ang Mga Tuntunin na ito ay maaaring italaga ng SMG, ngunit hindi mo maaaring italaga ang mga ito nang walang paunang nakasulat na pahintulot ng SMG.
e. Kung ang anumang probisyon ng Mga Tuntunin na ito ay o hindi maipapatupad o hindi wasto, ang mga natitirang probisyon ay magpapatuloy na may parehong bisa na parang hindi ginamit ang naturang hindi maipapatupad o hindi wastong probisyon.
f. Kung nabigo ang SMG o nabigo kang isagawa ang anumang obligasyon sa ilalim ng Mga Tuntunin na ito, at hindi ipinatutupad ng ibang partido ang naturang obligasyon, ang kabiguang ipatupad sa anumang okasyon ay hindi bubuo ng isang pagtalikod sa anumang obligasyon at hindi pipigil sa pagpapatupad sa anumang ibang okasyon.
g. Walang nakalagay sa mga Tuntunin na ito ang ituturing na bumubuo sa SMG o sa iyo bilang ahente o kinatawan ng iba o bilang mga joint venturer o magkasosyo.
h. Kung ang SMG ay o ikaw ay napigilan sa pagganap o hindi maisagawa ang anumang obligasyon sa ilalim ng Mga Tuntunin na ito dahil sa anumang dahilan na lampas sa makatuwirang kontrol ng partido na nagpatupad ng probisyon na ito, ang pagganap ng apektadong partido ay palalawigin para sa panahon ng pagkaantala o kawalan ng kakayahan na maisagawa sa gayong dahilan.
i. Ang mga heading at caption ay para lang sa kaginhawaan.

**MAY MGA TANONG?**

Kung mayroon kang anumang katanungan tungkol sa Mga Tuntunin sa Paggamit na ito o sa SMG Services, makipag-ugnayan sa amin sa privacyofficer@smg.com.

Maaari mo rin kaming sulatan sa:
Service Management Group, LLC Attn: Data Protection Officer 1737 McGee Street
Kansas City, MO 64108

®/TM trademarks © Service Management Group, LLC 2017. Lahat ng karapatan ay nakalaan.